
PALABAS NA BALITA

Para sa Agarang
Paglabas
2021FIN0023-000744

Ministeryo ng Pananalapi

Sinusuportahan ng Badyet 2021 ang mga tao ngayon habang nagtatayo ng pundasyon para sa malakas na pagbawi

VICTORIA - Ang Badyet 2021 ay nakatuon sa pagpoprotekta ng kalusugan at kabuhayan ng mga tao sa pandemya, habang gumagawa ng mga pamumuhunan sa mga serbisyo, imprastruktura at mga pagkakataon upang suportahan ang isang malakas na pagbawi at isang maliwanag na kinabukasan para sa lahat.

Tinutugunan ng Badyet 2021 ang kagyat na mga paghamon at nagtatayo ng pundasyon para sa isang malakas na pagbawi, sa pamamagitan ng mga bagong pamumuhunan sa mga serbisyo sa kalusugan at pangkaisipang kalusugan, mga suporta sa negosyo, abot-kayang pabahay at pangangalaga sa bata, pagpapanatili ng abot-kayang buhay para sa mga pamilya, at mga naitatalang antas ng pangkomunidad na imprastruktura na lumilikha ng trabaho.

"Sa pamamagitan ng kahirapan na hinarap natin noong huling taon, nasaksihan natin ang katatagan ng mga British Columbian muli't muli habang ang mga komunidad ay tumayo sa paghamon ng COVID-19. Habang tayo ay nagpapatuloy sa paglulunsad ng pinakamalaking pagsisikap ng pagbabakuna sa kasaysayan ng ating lalawigan, nakikita natin ang liwanag sa dulo ng tunel," sinabi ni Selina Robinson, Ministro ng Pananalapi. "Alam namin na ang pagbawi ay hindi mangyayari nang magdamagan, ngunit sa pamamagitan ng pagtutuon sa mga bagay na pinakamahalaga sa mga tao, tayo ay maaaring makatiyak na mayroong mga mabubuting araw sa hinaharap para sa lahat."

Mas Mabuting Pangangalagang Pangkalusugan

- Pinapanatiling ligtas ang mga tao sa panahon ng pandemya sa pamamagitan ng \$900 milyon ng bagong pagpopondo para sa pagsusuri, contact tracing, personal na pamprotektang kagamitan at ang pinakamalaking paglulunsad ng bakuna sa kasaysayan ng B.C.
- Tinutulungan ang mga pasyente na makakuha ng mas mabilis na akses sa mga operasyon at mas maikling mga oras ng paghihintay para sa diagnostic imaging.
- Mas mabuting pangangalaga para sa mga sinyor, kabilang ang libu-libong mga bagong kawani sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at pinabuting pangangalaga sa bahay.
- Karagdagang mga suporta sa pangkaisipang kalusugan sa mga paaralan, mas maraming mga sentro ng Pandayan, pagpapalaki ng apat na beses ang bilang ng pinagsamang mga pangkat ng suporta sa bata at kabataan, at pagpapalawak ng pagtugon sa krisis ng labis na dosis - ang pinakamalaking pamumuhunan sa mga serbisyo ng pangkaisipang kalusugan at mga pagkagumon sa kasaysayan ng B.C.
- Nagbibigay ng mas mabuting pangangalaga na mas malapit sa bahay sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga ospital, kabilang ang bagong ospital ng Surrey at sentro ng kanser, at bagong kagyat at pangunahing mga sentro ng pangangalaga sa mga komunidad sa paligid ng B.C.
- Tinutugunan ang sistemikong kapootang panlahi sa pangangalagang pangkalusugan at pagtitiyak na ang mga Katutubong tao ay mayroong akses sa pangangalagang naaangkop sa kultura.

Sinusuportahan ang mga Tao at mga Negosyo

- Katipiran sa mga pamilya ng hanggang \$672 sa isang taon bawa't bata na may libreng pampublikong transportasyon para sa mga batang 12 taon at mas bata.

- Ginagawang mas madali na makahanap ng abot-kaya, kalidad na pangangalaga sa bata sa pamamagitan ng pagdodoble ng bilang ng \$10-isang-araw na mga lugar ng pangangalaga sa bata, pagdodoble ng pagpapahusay ng sahod para sa mga tagapagturo ng maagang pagkabata, at patuloy na pagtatayo at pagpapalawak ng mga espasyo.
- Gumagawa ng 400 na karagdagang mga espasyo sa pamamagitan ng Maagang Pagsimula ng Katutubo [Aboriginal Head Start] na programa na nagbibigay ng kaugnay sa kulturang pangangalaga sa bata para sa mga pamilyang Katutubo.
- Tinutuloy na pondohan ang Benepisyo sa Pagbawi ng BC (BC Recovery Benefit), na nakatulong na sa higit sa 2.5 milyong mga British Columbian hanggang ngayon at nagbibigay ng hanggang \$1,000 sa mga pamilya at mga solong magulang, at hanggang sa \$500 para sa mga indibidwal.
- Tinutulungan ang 80,000 mababang-kitang mga sinyor sa pamamagitan ng agdagdag ng Suplemento sa Sinyor sa kauna-unahang beses.
- Tinutulungan ang mga higit na naghihirap sa pamamagitan ng paghahatid ng pinakamalaking permanenteng pagtaas kailanman sa tulong sa kita at mga antas ng tulong sa pagkabalda, isang 53% na pagtaas sa tulong sa kita mula pa noong 2017.
- Sinusuportahan ang katatagan ng mga negosyo sa B.C. ng isang hanay ng mga gawad at mga pagpopondo, na ang mga ilan ay ipinakilala bilang tugon sa mga kagyat na pangangailangan, upang matulungan ang mga negosyong umangkop at lumago. Tinutulungang matiyak na ang mga negosyo ng turismo at mga komunidad ay malusutan ang pandemya at ay handang umunlad kapag ang mga bisita ay maaaari nang ligtas na bumalik.

Nagtatayo ng pundasyon para sa isang malakas na pagbawi ng ekonomiya

- Lumilikha ng 85,000 mga trabaho at pinalalakas ang mga komunidad sa paligid ng B.C. na may talang mga pamumuhunan sa imprastruktura -isang pagtaas ng \$3.5 na bilyon sa badyet na ito.
- Tinutulungan ang libu-libong mga tao na makahanap ng trabaho sa mga sektor tulad ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga pamumuhunan sa post-sekondaryong edukasyon at mga programa ng pagsasanay sa kasanayan.
- Tinitiyak na mahigit sa 5,000 mga kabataan ay makakakuha ng mga trabaho, mga pag-iinterna at co-op sa pamamagitan ng programa ng Mga Pinuno sa Kinabukasan ng BC (StrongerBC Future Leaders), at 3,000 mga mag-aaral ay makikinabang mula sa bagong trabahong isinama ang pag-aaral na mga placement.
- Nagtatayo ng 9,000 mga bagong bahay para sa mga katamtamang-kitang mga pamilya sa pamamagitan ng \$2 bilyon ng pagpapaunlad na pananalapi.
- Sinusuportahan ang mga negosyo ng turismo at mga komunidad sa pamamagitan ng \$120 milyon, kabilang ang mga gawad upang tulungan na maghanda para sa mga bisita sa hinaharap sa pamamagitan ng bagong imprastruktura sa turismo tulad ng mga daanan at mga pagpapabuti ng paliparan.
- Binabawasan ang mga emisyon, pinoprotektahan ang mga komunidad, pinapalawak ang ekonomiya at lumilikha ng mga karera sa pamamagitan ng isang karagdagang \$506 milyong pamumuhunan sa CleanBC.

Ginagawang permanente ang taunang pagpopondo upang pabutihin ang kakayahang kumonekta

"Mula sa simula na tumama ang pandemya, kami ay naghatid ng isang malawak na hanay ng mga suporta para sa mga British Columbian na nahihilo mula sa kung gaano kabilis bumaligtad ang lahat ng ating pamumuhay," sinabi ni Robinson. "Ang Badyet 2021 ay binuo mula sa lahat ng aming natutunan sa huling taon upang patuloy na matulungan ang mga tao ngayon, habang inilalatag ang pundasyon para sa mga tao at mga negosyo sa ating lalawigan upang sunggaban ang mga pagkakataon na iaalok ng pagbawi."

Ang mundo ay dramatikong nagbago mula nang inilabas ng Lalawigan ang huling badyet nito. Ang tunay na kabuuang pangdomestikong produkto [gross domestic product (GDP)] ng BC ay

nagpapatuloy, ang tunay na GDP ng B.C ay hinuhulaang lalaki ng 4.4% sa 2021 at 3.8% sa 2022, na aabot sa antas bago nagkaroon ng pandemya sa loob ng susunod na taon. Ang isang patuloy na pagbaba ng kakulangan ay inaasahan sa susunod na tatlong taon, simula sa 2021-22.

Ang siyam na mga backgrounder ay susunod.

Kontak:

Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa:
news.gov.bc.ca/connect